

PAGTATAYA NG MTB-MLE : TUGON SA PAGPAPAUNLAD NG IMPLEMENTASYON NG K TO 12 KURIKULUM

Lita A. Bacalla¹,

¹(Filipino, College of Arts and Sciences / Cebu Normal University, Philippines)

ABSTRACT : Ang MTB-MLE o Mother Tongue-Based Multilingual Education sa Pilipinas ay isang pagtugon sa uhaw na pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagtamo ng madaliang pag-unawa sa isang aralin. Tinitiyak na mataya ang pagpatupad ng: 1) layunin ng MTB-MLE; 2) estado ng kagamitang panturo ng unang wika; 3) estado ng mga guro sa pagtuturo ng unang wika; 4) estado ng implementasyon sa pagtuturo sa K to 3; 5) estado ng pakikisangkot ng administrasyon; 6) estado ng pakikisangkot ng mga tao sa komunidad; at 7) mga suliranin kinaharap at mungkahing solusyon. Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng 30 guro at 2 administrador sa iba't ibang paaralang elementarya mula sa Dibisyon ng Talisay, Cebu. Isang survey questionnaire na sinabayan ng impormal na panayam ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos. Lumalabas sa pag-aaral na kinakaharap ng mga guro ang kakulangan ng mga kagamitan sa pagtuturo tulad ng mga aklat at iba pang sanggunian. Ang nasa TG na lesson ay kakaiba sa LM. Ang mga mag-aaral ay walang mga aklat kaya minsan pinapasipi na lamang sa pisara ang mga paksa. Ang ikalawa ay ang walang kaisahan sa paggamit ng termino at iba't ibang bersyon sa pagbaybay dahil walang ortograpiya na siyang batayan sa lahat ng mga guro. Ikatlo ay masyadong malalim ang mga salita na makikita sa LM ay masyadong nahihirap ang mga guro sa pag-uunawa pati ang mga mag-aaral ay nahihirapan din sa pag-uugnay sa kanilang pang-araw-araw na karanasan. Ang ikaapat ay walang sapat na pagsasanay na ibinibigay ng mga guro sa MTB-MLE kaya hindi nila alam ang mga bagong impormasyon at mga teknik sa pagtuturo. Panghuli ay madaling masira ang mga LM na ginagamit sa mga mag-aaral kaya hindi ito nababasa at may mga mag-aaral na hindi taal na Sebwan dahil lipat galing ibang rehiyon. Mas mauunawaan pa ang Filipino kaysa Sinugbuanong Binisaya. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ang nabuong kongklusyon ay may kakulangan ng kagamitan ng pampagtuturo, kanasayan sa pagtuturo at nahirapan sa mga ortograpiyang ginagamit sa pagtuturo.

KEYWORDS: *kasanayan, kurikulum, pagtataya, pagtuturo, Sinugbuanon'g Binisaya*

I. INTRODUCTION

Ang paggamit ng unang wika o Mother Tongue-Based Multilingual Education sa Pilipinas ay isang pagtugon sa uhaw na pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagtamo ng madaliang pag-unawa sa isang aralin. Patunay nito ang sinabi ni Cummins (1996) na ang paggamit ng unang wika ay tumutulong sa pagtamo ng pag-unawa at paglinang ng kritikal na pag-iisip. Napakaraming pag-aaral na nagpapatunay na malaking naitutulong ng paggamit ng unang wika bilang wikang panturo, ayon kina Benson (2002) at Dutcher (2003) na ang pangkalahatang edukasyong natamo ng mga mag-aaral ay mas napapalawig kung ipinagamit ang unang wika bilang pundasyong wika sa pag-aaral ng primarya. Dagdag pa ang pag-aaral ni Dutcher (2004) na malaking bilang sa mga batang katutubo ang hindi nag-aaral o kahit pa man nag-aaral ay nauwi pa rin sa mababang performans at mababang literasi at kasanayan dahil sa ginagamit na wikang panturo tulad ng Ingles. Sa pag-aaral ng UNESCO (2011) sa Pilipinas, sa lahat ng mga nag-enrol sa unang baitang ay 73% lang ang nakatapos ng primarya, ibig sabihin ay 27% sa kanila ay huminto o bumagsak. Isang senaryo na tipikal na lamang sa Pilipinas mula nang ipatupad ang patakarang bilingguwal.

Subalit, isang dekadang nagdaan, na nakakulong ang patakarang pang-edukasyon sa batas ng Edukasyong Bilingguwal na ginagamit ang Ingles at Filipino bilang wikang opisyal ngunit umiiral ang paggamit ng Ingles bilang wikang panturo mula sa mababang paaralan hanggang sa kolehiyo. Ang sistemang pang-edukasyong ito ay naging malaking balakid sa pagsulong ng paggamit ng unang wika bilang asignatura at wikang panturo mula sa antas primarya. Gayunpaman, maraming mananaliksik ang naniniwala na isang pundasyon sa mabisang pagkatuto ang paggamit ng unang wika. Naging batayan sa pagpapatupad ng MTB-MLE ang iba't ibang kwantitabo at iba pang pag-aaral na nauukol sa kabisaan ng paggamit ng unang wika. Isa sa naging lundayan na pag-aaral nina Walter at Dekker (2011) na napag-alaman na mas mataas ang literasi na nakuha sa achievement test ng mga mag-aaral na gumamit ng unang wika kaysa pangalawa at pangatlong wika.

Ayon sa mga iskolar, ang lapit na pagsimula sa antas nasyonal ay hindi isinaalang-alang ang konteksto ng wika ng komunidad. Sa ganitong kalagayan, ang implementasyon ng MTB-MLE sa Pilipinas ay nasasadlak sa usaping pisibilidad sa lapit nasyonal dahil hindi matiyak kung ang inaasahang resulta sa larangang pang-akademiko ay tutugon sa tunay na senaryo sa bawat buhay ng mga mag-aaral (Kaplan, 1990; Martin-Jones & Saxena, 1995; Ricento & Hornberger, 1996). Sabi rin ni Matland (1995) ang repormang MTB-MLE sa Pilipinas ay naghahatid ng lubhang kalituhan at kaguluhan. Nagkakaroon ng lubhang kalituhan sa mga alituntunin ng Kagawaran ng Edukasyon sa programa na nagtitiyak kung ano ang dapat gawin ngunit maliit lang ang suporta kung papaano gagawin o isasagawa tulad ng ibinibigay na materyal ng gobyerno ay limitado lang sa labindalawang pangunahing wikain sa Pilipinas kaya hindi malinaw kung paano ipapatupad ang paggamit ng unang wika bunga ng limitadong kagamitang panturo. Samantalang, nagkakaroon ng lalong kaguluhan sa pagitan ng paggamit ng unang wika at Ingles dahil namamayagpag ang nasabing wika sa pagsulong ng globalisasyon at hindi maihiwalay ang iba na mas naniniwalang tulay ito sa pagtamo ng pansariling kaunlaran at maunlad na bansa. Ang ganitong usapin ay hindi gaanong mararanasan sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa Pilipinas kung nagsimula sa komunidad ang pagsubok sa programa tulad ng mga guro, estudyante, mga magulang, administrasyon at mga tao sa komunidad. Ayon kina Darling-Hammond (1990), Elmore (1983) at Matland (1995) ang pagtingin sa opinyon mula sa komunidad gaya ng mga guro at mga magulang ay isang sandata sa pagtuklas sa totoong pangangailangan ng edukasyon. Itinuturing na mga kawal sa sistemang pang-edukasyon ang mga guro at mga magulang na siyang magdadala sa mga utos tungo sa pagsasakatuparan. Ang pagiging matagumpay sa implementasyon ay nakasalalay rin sa mga guro at mag-aaral kaya nararapat lamang na hiningi ang saloobin at damdamin nila nang sa gayon matiyak ang kinakailangang tutukan at tutugunan ng MTB-MLE. Sabi ni Wright (1997) malaking papel ang ginagampanan ng guro sa pagpatupad ng isang programa hindi lamang sa patakaran sa paggamit ng unang wika kundi maging sa repormang pang-edukasyon sa antas pangklasrum. Tunay na ang guro ay isang kabalikat sa pagpatupad ng programang MTB-MLE para matiyak ang epektibong paggamit nito.

Dulot nito, ang pag-aaral ay naglalayong matasa ang implementasyon ng programang MTB-MLE sa piling Rehiyon ng Pilipinas. Tinitiyak na mataya ang pagpatupad ng: 1) layunin ng MTB-MLE; 2) estado ng kagamitang panturo ng unang wika; 3) estado ng mga guro sa pagtuturo ng unang wika; 4) estado ng implementasyon sa pagtuturo sa K to 3; 5) estado ng pakikisangkot ng administrasyon; 6) estado ng pakikisangkot ng mga tao sa komunidad; at 7) mga suliranin kinaharap at mungkahing solusyon. Hangad ng pag-aaral na mapakanukala ng isang desinyo sa pagbuo ng kurikulum upang maiangat ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas na naaayon sa pangangailangan ng mga estudyante.

II. HEADINGS

Ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Republic Act 10533 o Basic Education Act of 2013 na nagtataguyod sa K to12 kurikulum, ay nagpanukala sa paggamit ng mother Tongue-Based Multi-Lingual Education (MTB-MLE). Batay sa isinasagawang pag-aaral mula sa lokal at internasyonal ay naglatag na maraming benepisyon at kahalagahan ng MTB-MLE sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang Departamento ng Edukasyon ang ahensyang nangangasiwa sa implementasyon ng programa. Sa tulong ng mga taong kasangkot gaya ng mga mag-aaral, guro, administrasyon at mga stakeholder sa komunidad. Bawat rehiyon ay hinihikayat na mayroong working komite para sa pagsusubaybay at pagmomonitor sa programa.

Dagdag pa rito ang Republic Act 7104 seksyon bilang 3, na nagsasaad na ang wika sa Pilipinas ay nakapaloob sa mga wikaing katutubo, nasyonala at rehiyonal.

Mahalaga ang isinaad ng batas tungkol sa MTB-MLE para mabuksan ang kamalayan ng mga Filipino kaya mahalaga na malaman ang resulta sa gagawin pagsusuri at pagtataya sa kabisaan ng programa sa bawat paaralan at sa dibisyon kinabibilangan sa rehiyon.

Sa disertasyon isinasagawa ni Calara (1996) na Paggamit ng Dalawa/Tatlong Wika sa mgga klase sa Lungsod ng Angeles ay nakakatulong sa pagbuo ng corpus ng salita bilang barayti ng wika.

Ang MTB-MLE ay may positibong impak sa guro at pati na sa mga mag-aaral dahil ito madaddagan ang kanilang bokabularyo at talasalitaan. Ang kasalukuyang pag-aaral ay alamin ang kabisaan ng implementasyon sa bawat rehiyon ng bansa kung may mga gawain ba silang tulad sa lungsod ng Angeles.

Sa pag-aaral ni Constantino(2017) natuklasan na ang implementasyon ng MTB-MLE sa dibisyon ng Pasay ay lubhang na implementa nang maayos. Sa pag-aaral Bognot (2015), na Mga suliraning Kinakaharap sa Implementasyon ng MTB-MLE sa Lungsod ng Angeles, Pampanga ay natuklasan na hindi sapat ang aklat at ortograpiya sa pagtuturo, may kakulangan ng pagsasanay, hindi naging aktibo nakikilahok ang mga mag-aaral dahil karamihan sa kanila ay hindi Kapampangan ang katutubong wika, hindi rin sang-ayon ang mga magulang na hindi matuto ang kanilang anak sa katutubong wika mas naniniwala sila mas matuto ang kanilang anak sa wikang nakasanayan ang wikang Filipino at Ingles. Kulang din ng koordinasyon , pag-ako ng komunidad, walang sapat na badyet at walang malinaw na polisiya sa implementasyon ng MTB-MLE ngunit sa kabila nito ay positibo parin ang mga pananaw ng mga guro sa implementasyon.

Sa bawat programa na maiimplementa ay mayroon ito kaakibat na suliranin haharapin lalo na ito ay bago. Mahalaga ang bawat taong kasangkot sa programa dahil sila ang makikinabang at layunin nito ang mabuting kapakanan ng lahat. Mahalaga rin na may pag-aaral na ganito na magsarbey at magtaya sa implentasyon ng programa hindi lamang sa isang taon pagkatapos ng programa bagkus kailangan ito ng pagsubaybay o pagmomonitor sa programa. Ang MTB-MLE ay isa sa mahalagang pundasyon sa pagtuturo at pagkakatuto dahil simula ito ng proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa Kindergarten hanggang ikatlong baitang . May kaugnayan ang nasabing pag-aaral sa kasalukuyan pag-aaral dahil magkakaroon din ng pagtataya at pagsusuri sa kabisaan ng programa MTB-MLE sa rehiyon partikular na sa gurong nagtuturo at isa na kasangkot sa pag-iimplementa ng programa.

Natuklasan ni Perez (2016), sa kanyang Implementasyon ng MTB-MLE sa piling bansa ng Southeast Asia ang Mother Tongue language ay ginagamit bilang midyum sa pagtuturo bilang pangunahing asignatura sa antas ng primarya na may layuning mapaunlad ang wikat at sosyo-kultural na kamalayan. Pinaniniwalaan sa limang bansa na ang mother-tongue language ay magsisilbing behikulo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikalawang wika. Ang implementasyon ng programa ay sinusupportahan ng palisiya, inter-agency partnership at patuloy na pagmomonitor at pag-iibalweyt ng programa. Ang pinakahamon sa programa ang kakulangan pa ng pagasaanay sa mga guro, mga kagamitang sa pagtuturo, at kakulangan din ng suporta sa komunidad.

Ang limang bansa tulad ng Malaysia, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam ay mga bansa na pinag-aralan sa pag-iimplementa ng MTB-MLE ay may mabuting hangarin sa pagpapayabong ng katutubong wika at tumugon sa mithiin na nakabatay sa kulturang kamalayan.

Sa pag-aaral ni Setubal (2015), ay natuklasan na mahusay ang ginamit na lunsarang teksto sa pagtalakay ng aralin ng workteks sa ikatlong baitang gamit ang kinaray-a tugon sa kurikulum ng K-12 ng MTB-MLE. Iniibalweyt ang workteks sa pagtuturo ng MTB-MLE na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral na sinuri at tinataya ang implementasyon nito dahil ang mga workteks ay isa sa mga materyal at kagamitan na maaring gamitin.

Sa isinasagawang nina Gime at Raden 2016 sa atituyd ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng MTB-MLE sa piling paaralan Rehiyon malinaw ang rasyonale ng MTB-MLE ay paggamit ng mag-aaral ng kanilang unang wika o unag wika mahigit pang pang dagdag na wika bilang “wika ng pagtuturo” sa klasrum at pagpapaunlad ng literasi ng bansa kaugnay sa mga mithiin alinsunod sa pagbabagong pamantayang unibersal. Nagkakaroon ng pagkalito ang mga guro at mag-aaral.

May kaugnayan ang kanilang natuklasan sa ginawang pag-aaral dahil nagkaroon ng sarbey ang mga mananaliksik sa mga guro na nagtuturo ng MTB-MLE sa kanilang rehiyon. Sinuri nito ang kabisaan sa pag-iimplementa ng MTB-MLE , ang mga guro ang magsisilbing respondent dahil isa sila kasangkot sa pag-iimplenta ng programa.

III. INDENTATIONS AND EQUATIONS

Kalahok sa Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng 30 guro at 2 administrador mula sa mula sa Dibisyon ng Talisay, Cebu.

Lugar ng Pananaliksik

Ang lugar na pinagkunan ng datos ay mula sa iba't ibang paaralang elementarya sa dibisyon ng Talisay City.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Ginamit ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang sa pagkuha ng mga impormasyon:

1. Paghahanda ng questionnaire
2. Pamimigay ng mga talatanungan sa mga piling guro
3. Pagkuha sa bilang ng kanilang mga kasagutan sa bawat aytem
4. Pagbibigay ng interpretasyon sa datos na nakuha sa pamamagitan ng percentage

Instrumentong Ginamit

Isang survey questionnaire na sinabayan ng impormal na panayam ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos. Ang unang bahagi ng talatanungan ay tumatalakay sa kahusayan ng guro sa pagtuturo ng MTB-MLE, ang ikalawa naman ay ang pagtataya sa Implementasyon ng MTB- MLE at ang ikatlo ay ang pagtukoy sa mga suliranin at solusyon na nararanasan ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng MTB-MLE mula Kinder 1 hanggang 3.

Sa pagkuha ng percentage ginamit ang pormulang:

$$P = \frac{f}{N} \times 100$$

na kung saan ang:

$$P = \text{bahagdan}$$

f= bilang ng sumagot na respondente

N= kabuuang bilang ng respondente sa pagkuha ng percentage

IV. FIGURES AND TABLES

4.1 Kahusayan ng Guro sa Unang Wika

Ang mga sumusunod na datos ay nagpapakita ng kahusayan ng guro sa pagsasalita at pagtuturo gamit ang kanilang unang wika. Ang mga sumusunod na talahanayan ay ang naging resulta ng pag-aaral sa Siyudad ng Talisay, Cebu.

Talahanayan 4.4.1
Ebalwasyon sa Layunin ng MTB-MLE sa Talisay, Cebu

A. LAYUNIN NG MTB-MLE	Lubos na sumasang - ayon	Sumasang-ayon	Hindi Sumasang - ayon	Sariling saloobin/ palagay
1. Tiyak at malinaw ang mga layunin nito	0%	100%	0%	
2. Naaayon ang mga layunin nito sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral	0%	100%	0%	
3. Nililalang ng mga layunin ang mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral	7%	93%	0%	
4. Nakaangkop ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan	0%	93%	7%	
5. Nakikita ang resulta ng pagkakatuto ng mga kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa mga nakatakdang layunin	0%	97%	3%	

Makikita sa Talahanayan 3.A na sumasang-ayon ang lahat ng mga respondente na tiyak at malinaw ang mga layunin ng MTB-MLE at naayon sa pangangailangan at pagkatuto ng mga mag-aaral ang nasabing programa. Sumasang-ayon naman ang 93% ng mga respondente na nililalang ng mga layunin ng MTB-MLE ang mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral at nakaangkop ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan, at 97% ang sumasang-ayon na nakikita ang resulta ng pagkatuto ng mga kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa mga nakatakdang layunin.

Talahanayan 4.4.2
Estado ng Kagamitang Panturo sa Unang Wika sa Talisay, Cebu

B. Estado ng KAGAMITANG PANTURO sa unang wika	Lubos na sumasang - ayon	Sumasang-ayon	Hindi Sumasang - ayon	Sariling saloobin/ palagay
1. Mayroong mga batayang aklat sa pagtuturo ng Sinugbuanong Binisaya.	0%	47%	50%	Walang natanggap na aklat
2. May mga "supplementary materials" na ginagamit sa pagtuturo	3%	67%	23%	hindi lahat na asignatura ay mayroon nito
3. Gumagamit ng iba't ibang kagamitang panturo ang guro	7%	90%	3%	
4. Angkop ang mga inihandang kagamitang panturo sa antas ng mga mag-aaral	3%	87%	7%	hinahanapan ng guro ng paraan
5. Naaayon ang mga kagamitang panturo sa nakatakda sa kurikulum	0%	93%	3%	

Makikita sa talahanayan na 50% ang hindi sumasang-ayon na mayroong batayang aklat sa pagtuturo ng Sinugbuanong Binisaya dahil walang natanggap na aklat ang mga guro samantalang 67% naman ang sumasang-ayon na may “supplementary materials” na ginagamit ang mga guro sa pagtuturo pero hindi lahat ng asignaura ay mayroon nito. Samantala, sumasang-ayon ang 90% ng mga guro na gumagamit sila ng iba’t ibang kagamitang panturo, 87% ang sumasang-ayon na angkop ang mga inihandang kagamitang panturo at 93% naman ang sumasang-ayon na naaayon ang mga kagamitang panturo sa pagtuturo ng MTB-MLE.

Ayon sa panayam, kung wala silang kagamitan tulad ng modyul o aklat na gagamiting sanggunian sa pagtuturo ay naghahanap sila sa internet o iba pang mapagkunan. Ibig sabihin ay nakaranas ang mga guro ng sobrang kahirapan sa materyales na gagamitin upang mapalawak pa ang pagtuturo ng Wikang Sinugbuanong Binisaya.

Kung titingnan naman sa talahanayan, maliwanag na gumamit ng “supplementary materials” bilang karagdagang sanggunian sa pagtuturo ng unang wika. Lumitaw sa pag-aaral na 50% sa mga guro ay sumasang-ayon na mayroong pantulong na kagamitan bukod pa sa TG at SG o mga modyul ng guro at mag-aaral. Subalit 45% din sa mga guro ay hindi sumasang-ayon na mayroong pantulong na kagamitan dahil wala talaga silang mapagkunan sa iilang mga paksa. Ang tanging ginawa nila ayon sa panayam ay nagsaliksik sila sa internet ngunit hindi lahat ay nasa internet at kung mayroon man ay nakasulat sa Ingles kaya, isinalin nila ang kagamitan o impormasyon. Ang iba naman ay nagsaliksik sa website ng DepEd dahil naka-upload naman ang mga impormasyon ukol sa unang wika o iilang bahagi ng modyul. Sa madaling salita, hanggang salita lamang ang sinabi ng pamunuan na nakahanda na ang lahat ng kagamitang panturo sa pagpatupad ng MTB-MLE. Hindi ito nakikita ng tagapanguna dahil hindi pa nagsagawa ng pagtataya sa nasabing programa.

May mga termino kasi sa aklat na malalim at hindi agad naunawaan kaya, gumagamit ang guro ng mas maintindihan na salita na naaayon sa antas ng mga mag-aaral. Ang kagamitang panturo sa unang wika ayon pa sa kanila ay kulang na kulang pa rin. Hindi lahat ay nabibigyan kaya nagpakopya na lang ang iba at kung hindi naman kaya sa bulsa ng mga mag-aaral ay pinapangkat na lang ang pagpakopya upang hindi gaanong mabigat. Kung tutuusin, gaya ng pinangako ng pamunuan ng edukasyon taong 2012, malaki ang pundo na inilaan sa K to 12 kaya lahat ang magkaroon ng kagamitang panturo o materyales para sa pagtuturo.

Sa dinami-daming wika sa bansang Pilipinas, hindi maikakailang nagtataglay rin ito ng iba’t ibang barayti. Ibig sabihin, may kanya-kanyang barayti ang wika kahit isang rehiyon lang ito gaya ng Sinugbuanong Binisaya. Iba ang barayti ng Norte, Kalagitnaan ng Cebu at Southern na bahagi na nararanasan ang kalituhan ng mga guro. Kaya, sa larangan ng kagamitan ng guro kung angkop bas a pangangailangan ng mga mag-aaral, malaking suliranin ito ng mga guro. Nang dahil sa hindi naisaalang-alang isa lang ang aklat na ginagamit sa lahat ng paaralan sa Cebu at hindi alintana ang barayti ng wika sa bawat mag-aaral. Dahil dito, nakaranas ng kahirapan ang mga guro sa paggamit nito dahil hindi lahat ng mag-aaral ay naintindihan ang wikang ginagamit sa aklat kahit paman nakasulat ito sa Cebuano. Ganoon din ang guro, ayon sa tagatugon sadyang balakid sa kanila ang iilang terminong ginamit sa aklat kaya ang ginawa na lang gumamit ng sariling wikang Cebuano. Pilit pinunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa wika ng mga guro.

Talahanayan 4.3.3 Estado ng mga Guro sa Pagtuturo ng Unang Wika sa Sinugbuanong Binisaya

C. Estado ng mga GURO sa pagtuturo ng unang wika	Lubos na sumasang – ayon	Sumasang-ayon	Hindi Sumasang -ayon	Sariling saloobin/palagay
1. Sapat ang bilang ng mga guro na nagtuturo ng Sinugbuanong Binisaya	0%	87%	13%	
2. May sapat na kaalaman at kasanayan ang mga guro sa pagtuturo ng Sinugbuanon’g Binisaya	3%	92%	10%	
3. Angkop ang natapos na ispesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura	3%	87%	10%	
4. Naihanda ang mga guro sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa.	3%	87%	10%	
5. Positibo ang pagtanggap ng mga guro sa MTB-MLE na programa	7%	93%	0%	

Mapapansin sa talahanayan na 87% ang sumasang-ayon na sapat ang bilang ng mga guro na nagtuturo ng Binisayang Tagum samantalang 92% ang sumasang-ayon na may sapat na kaalaman at kasanayan ang mga guro sa pagtuturo ng Binisayang Tagum. Samantala, sumasang-ayon ang 87% na angkop ang natapos na espesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura at naihanda ang mga guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Ang mga guro ay bukas sa mga pagbabago at makabagong pangangailangan dulot ng globalisasyon kaya ang kaalaman at kasanayan nila sa pagtuturo ay hindi lang nagtatapos sa ngayon kundi panghabambuhay. Kaya, sa mga guro ang sumasang-ayon na may sapat na kaalaman at kasanayan sila sa pagtuturo ng unang wika. Ibig sabihin ay may kahandaan sila sa pagtuturo ng wika subalit sa mga guro ay hindi sumasang-ayon na may sapat na kaalaman at kasanayan dahil may iba sa kanila na hindi nakalahok sa pagsasanay at seminar. Sa panayam rin sinabi ng guro na hindi rin masasabing handa na sa kaalaman at kasanayan ang guro kung nakalahok sa mga pagsasanay dahil kinakailangan pa itong makita sa performans ng mag-aaral matapos niyang maturuan. Sa madaling sabi, kinakailangan pa ng karagdagang kaalaman ang mga guro na makatutulong sa paglinang pa lalo ng kanilang kasanayan sa pagtuturo ng unang wika. Sa kabuoang ay naging positibo naman ang pagtanggap ng mga guro sa nasabing programa.

Talahanayan 4.4.4
Estado ng Implementasyon ng MTB-MLE sa Pagtuturo
sa K Hanggang Baitang 3

D. Estado Implementasyon ng MTB-MLE sa Pagtuturo sa K to 3	Lubos na sumasang – ayon	Sumasang- ayon	Hindi Sumasang - ayon	Sariling saloobin/ palagay
1. Makabuluhan ang pagpapatupad ng polisiya sa buhay ng mga mag-aaral	0%	97%	3%	
2. Napaunlad nito ang isipan at pagkatao ng mga mag-aaral	0%	93%	7%	
3. Nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitan ng MTB-MLE sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa	0%	100%	0%	
4. Nakatutulong ang MTB-MLE sa pagsulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto	0%	97%	3%	
5. Nahihikayat ang mga mag-aaral na magpatuloy sa pag-aaral	0%	93%	7%	

Matutunghayan sa talahanayan na 97% ang nagsabi na sumasang-ayon ang mga guro sa makabuluhan ang pagpapatupad ng polisiyang ito sa buhay ng mga mag-aaral, 97% naman ang sumasang-ayon na napaunlad ang isipan at pagkatao ng mga mag-aaral sa implementasyon ng MTB-MLE. Naipapakita nila ang kanilang kalayaan at tiwala sa sariling magsalita gamit ang kanilang nakasanayang wika. Ganadong-ganado ang mga mag-aaral sa klase ng MTB. Sabi pa ng guro sa panayam, maingay nga minsan ang klase dahil sa nag-uunahan ang mga mag-aaral sa pagsagot kaya nakaramdam sila ng tuwa dahil hindi na nila kailangang taasan ang tinig upang matiyak na naunawaan ang leksyon. Masarap sa pakiramdam ayon sa mga guro na nakikita nilang may interes ang mga mag-aaral sa pagtalakay ng aralin. Dahil dito, masasabing ang polisiya ng MTB-MLE ay makabuluhan sa mga mag-aaral. Nakatutulong sa kanilang pansariling kaunlaran sa kabila ng kakulangan ng mga babasahin at kakulangan ng mga kagamitang panturo, gumagawa ng paraan ang guro at mag-aaral na magkaunawaan sa silid. Patunay nito na 93% sa mga guro ang sumasang-ayon na nakatulong ang polisiya ng programa.

Samantala, ganap na sumasang-ayon ang mga guro na nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang natatamo ng mga mag-aaral sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa at 100% naman ang sumasang-ayon na nakatutulong ang MTB-MLE sa pagsulong ng epektibong pagtuturo at pagkatuto inilarawan nito na ang resulta ng pagtaas ng kalidad kung nagpapakita rin ng kahusayan at katatasan ang mga mag-aaral sa wikang panturo. Sa larangan ng unang wika, naging lundayan ito para sa iba pang asignatura upang ganap na malirip ang mahihirap na konsepto nito. May 93% bahagdan naman ang sumasang-ayon na nahihikayat ang mga mag-aaral na magpatuloy ng kanilang pag-aaral. Nahihikayat ang mga mag-aaral na lumahok sa talakayan dahil natural ang pagsasalita na parang nasa bahay lang o kausap ang kaibigan o kapamilya, kaya gustong-gusto ng mag-aaral ang pag-aaral gamit ang unang wika.

Talahanayan 4.4.5
Estado ng Pakikisangkot ng Administrasyon

E. Estado ng Pakikisangkot ng Administrasyon	Lubos na sumasang – ayon	Sumasang-ayon	Hindi Sumasang - ayon	Sariling saloobin/palagay
1. May suporta ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	3%	94%	3%	
2. May kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	3%	33%	63%	
3. May positibong pagtanggap ang administrasyon sa polisiya	3%	83%	13%	
4. May ginagawang pagsubaybay ang administrasyon sa implementasyon ng MTB-MLE	0%	50%	50%	
5. May ginagawang ebalwasyon ang administrasyon sa implementasyon ng MTB-MLE	0%	13%	87%	

Mapapansin sa talahanayan na 94% ang sumasang-ayon ang mga guro na may suporta ang administrasyon sa pagpapatupad ng MBT-MLE at 63% ang hindi sumasang-ayon na may kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa nasabing programa. Patunay nito ang pagpatayo ng karagdagang gusali, pagbili ng mga kagamitan para sa pasilidad at iba't ibang pagsasanay ng mga guro maging mga modyul bilang kagamitang panturo. Ito ang nakitang dahilan ng mga guro sa pagsang-ayon na suportado ng administrasyon ang programa. Patunay ang 85% sa mga guro ay nakaramdam ng suporta mula sa administrasyon. Ibinigay nilang halimbawa sa panayam ay ang pagsasabatas ng programa dahil matatag at matibay itong maipatupad. Dahil ito ay batas lahat ay susunod at ipatupad ng kuriukulum.

Ang mga guro rin ay naniniwalang may sapat na kasanayan ang administrasyon sa pagpatupad ng MTB-MLE dahil nakita ito sa bilis ng pagpatupad. Hindi biro ang pagsulong ng programa sa maikling panahon na paghahanda. Sumasang-ayon ang 76% na ang administrasyon ay handa sa nasabing programa. Ang tagapanguna rin ng DepEd ay may sapat ng kaalaman ukol sa implementasyon dahil bago paman nila ito isinakatuparan, may mga pag-aaral ng naging batayan sa pagpatupad nito. Nakita ng DepEd na malaki ang nagagawa ng unang wika sa paglinang ng kritikal at kognitibong aspekto ng mga mag-aaral kung gagamit ng unang wika sa primarya. Sa kabila ng mga pag-aaral na dapat magsimula sa antas pangkomunidad, mapangahas na isinulong ang pagsimula sa antas nasyonal. Hindi naging hadlang ang mga pag-aaral na nagsasabing kailangang magsimula sa mga tao ang pagpatupad bagkus nagpatuloy ito sa paniniwala sa pag-aaral nina Dekker at iba pang iskolar. At higit na naging lundayan ay ang mga eksperimentong ginawa sa paggamit ng bernakular bilang pantulong na wika.

Samantala, 83% naman ang sumasang-ayon na may positibong pagtanggap ang administrasyon sa polisiya at parehong porsyento (50%) naman ang nakuha ng sumasang-ayon at hindi na may ginagawang pagsubaybay ang administrasyon sa implementasyon ng MTB-MLE, at 87% naman ang hindi sumasang-ayon na may ginawanang ebalwasyon ang administrasyon sa implementasyon ng MTB-MLE.

Nahihikayat ang mga mag-aaral na lumahok sa talakayan dahil natural ang pagsasalita na parang nasa bahay lang o kausap ang kaibigan o kapamilya, kaya gustong-gusto ng mag-aaral ang pag-aaral gamit ang unang wika. Naipapakita nila ang kanilang kalayaan at tiwala sa sariling magsalita gamit ang kanilang nakasanayang wika. Kaya, 87% sa mga guro ay sumasang-ayon na ganadong-ganado ang mga mag-aaral sa klase ng MTB. Sabi pa ng guro sa panayam, maingay nga minsan ang klase dahil sa nag-uunahan ang mga mag-aaral sa pagsagot kaya nakaramdam sila ng tuwa dahil hindi na nila kailangang taasan ang tinig upang matiyak na naunawaan ang leksyon. Masarap sa pakiramdam ayon sa mga guro na nakikita nilang may interes anf mga mag-aaral sa pagtalakay ng aralin. Dahil dito, masasabing ang polisiya ng MTB-MLE ay makabuluhan sa mga mag-aaral. Nakatutulong sa kanilang pansariling kaunlaran sa kabila ng kakulangan ng mga babasahin at kakulangan ng mga kagamitang panturo, gumagawa ng paraan ang guro at mag-aaral na magkaunawaan sa silid. Patunay nito na 85% sa mga guro ang sumasang-ayon na nakatulong ang polisiya ng programa.

Ang pag-angat sa kalidad ng edukasyon ay natatamo sa klasrum. Naipapakita ang resulta ng pagtaas ng kalidad kung nagpapakita rin ng kahusayan at katatasan ang mga mag-aaral sa wikang panturo. Sa larangan ng unang wika, naging lundayan ito para sa iba pang asignatura upang ganap na malirip ang mahihirap na konsepto nito. Ang paggamit ng unang wika sa agham at matematika ay nakakatulong nang malaki para higit na maunawaan ang nilalaman nito.

Talahanayan 4.4.6
Estado ng Pakikisangkot ng mga Tao sa Komunidad

F. Estado ng Pakikisangkot ng mga Tao sa Komunidad	Lubos na sumasang - ayon	Sumasa ng- ayon	Hindi Sumasa ng -ayon	Sariling saloobin/ palagay
1. May kaalaman ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE	3%	60%	37%	
2. Nauunawaan ng mga tao sa komunidad ang kahalagahan ng MTB-MLE para sa kanilang mga anak	3%	13%	83%	
3. May suporta ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE	3%	83%	13%	
4. May positibong pagtanggap ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE	0%	83%	17%	
5. Nakikisangkot ang mga tao sa komunidad sa mga gawain sa paaralan na may kinalaman sa MTB-MLE	0%	13%	87%	

Mapapansin sa talahanayan tungkol sa estado ng pakikisangkot ng mga tao sa komunidad na 60% ang sumasang-ayon na may kaalaman ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE at 83% ang hindi sumasang-ayon na nauunawaan ng mga tao sa komunidad ang kahalagahan ng nasabing programa para sa kanilang anak. Samantala, 83% ang sumasang-ayon na may suporta ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE, 83% ang sumasang-ayon na may positibong pagtanggap ang mga tao sa pagpapatupad ng programa, at 87% ang hindi sumasang-ayon na nakikisangkot ang mga tao sa komunidad sa mga gawain sa paaralan na may kinalaman sa MTB-MLE.

Kapansin-pansin na halos lahat ng aytem ay nangingibabaw ang malaking bahagdan sa hindi sumasang-ayon. Lampas kalahati sa mga guro na may sapat na kaalaman ang mga tao sa komunidad sa kurikulum. Naging maugong ito sa midya kaya ang mga magulang ay nagbigay ng kanilang mga haka-haka o kuro-kuro kung ano ang mangyayari sa pagdagdag ng taon. Nahihirapan na nga sila sa apat na taon sa sekondarya, dadagdagan pa. Kaya, madalas negatibo ang marinig mula sa mga magulang dahil dagdag gastos at wala silang panggastos buti kung magbibigay ang pamahalaan. Nabanggit ito ng iilang mga guro bunga ng paghinga rin ng mga magulang sa kanila. Patunay ito na walang oryentasyon at hindi ipinaalam sa mga magulang ang halaga ng kurikulum at kung ano ang maitutulong nito sa buhay ng kanilang mga anak.

Dahil nagsimula sa antas nasyonal ang pagpatupad ng K to 12, hindi gaanong nakikisangkot ang mga magulang sa programang ito. Ang tanging ginawa nila ay sumuporta sa pagbibigay ng pangangailangan ng kanilang mga anak sa paaralan. Patunay na 87% sa mga guro ay hindi sumasang-ayon na nakikisangkot ang mga magulang sa pagpatupad ng MTB-MLE. Hindi rin naman nabigyan ng pagkakataon na makilahok ang mga magulang maliban na lamang kung ipinatawag para sa taunang pagpupulong. Sa maikling panahon ng pagpupulong ay napag-usapan ang usaping ito ngunit sa larangan ng pagpatupad, walang presensya ang mga magulang. Kaya, hindi gaanong nakaramdam ang mga magulang sa halaga ng pagbabago ng kurikulum at marami pa rin sa kanila ang nagrereklamo dahil nadagdagan ang kanilang gastusin. Maiiwasan sana ang ganitong isyu kung pinaliwanag sa mga magulang kung gaano kahalaga ang kanilang papel sa pagpatupad ng K to 12.

Sa kabila ng hindi pagsali sa mga magulang sa pagpatupad ng MTB-MLE, ibinigay pa rin nila ang kanilang suporta dahil nagsikap pa rin na paaralin ang kanilang mga anak. Ang mga guro na nagpakita ng suporta ang mga magulang sa pagpatupad ng MTB-MLE sa tulong ng pagpaaral ng kanilang mga anak. Kung mayroon mang pagpupulong at kung ipatawag naman ang mga magulang ay sinikap naman na makapunta upang malaman ang performans ng kanilang mga anak. Subalit ayon sa panayam, nahihirapan din ang iilang mga magulang sa pagtustos sa pangangailangan ng kanilang mga anak. Marami pa ring mga mag-aaral na walang kagamitan sa pag-aaral ngunit binuksan na lamang ang kanilang puso upang maunawaan ang kahinaang ito.

To ensure a high-quality product, diagrams and lettering MUST be either computer-drafted or drawn using India ink.

V. CONCLUSION

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, inilahad ang mga sumusunod na

konklusyon: May kakulangan ng kagamitang pampagtuturo, kakulangan ng kasanayan sa pagtuturo, nahirapan sa mga ortograpiyang ginagamit sa pagtuturo. Batay sa mga naging konklusyon ng pag-aaral, inihahain ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa ikauunlad ng implementasyon ng MTB-MLE sa Pilipinas: Magsagawa ng Curriculum Revisit sa MTB-MLE na kasangkot ang mga stakeholders; magsagawa ng ebalwasyon sa pagpatupad ng Kindergarten hanggang Baitang 3; maglunsad ng short-term course ang

pamunuan ukol sa pag-aaral ng ortograpiya at gramatika ng unang wika ang lahat ng guro ng MTB-MLE; hikayatin ang mga manunulat na gumawa ng mga diksyunaryo ayon sa iba't ibang wikang rehiyonal; magkaroon ng rebisyon sa mga aklat na ginagamit sa pagtuturo ng unang wika upang maiangkop ito sa lugar na gumagamit nito.

VI. ACKNOWLEDGEMENTS

An acknowledgement section may be presented after the conclusion, if desired.

REFERENCES

- [1]. Backman, S. (2009). Policy as practice: Local appropriation of language and education Policy in Lesotho primary schools. (Unpublished Dissertation).Michigan StateUniversity. East Lansing Benson, C. (2004a). Bilingual schooling in Mozambique and Bolivia: From experimentation to implementation. *Language Policy*. 3, 47-66.
- [2]. Benson, C. (2004c). The importance of mother tongue-based schooling for educational quality. Background paper for EFA Global Monitoring Report 2005. Paris: UNESCO.
- [3]. Burton, L. A. (2013). Mother tongue-based multilingual education in the Philippines: Studying top-down policy implementation from the bottom up (Order No. 3567404). From ProQuest Dissertation & Thesis Global.
- [4]. Cummins, J. (1984). Bilingualism and special education: Issues in assessment and pedagogy. Clevdon, England: Multilingual Matters Cummins, J. and Swain, M. (1986). Bilingualism in Education: Aspects of theory research and practice. London: Longman Darling-Hammond, L. (1990). Instructional policy into practice: "The power of the bottom over top". *Educational Evaluation and Policy Analysis*, 12 (3), 339-347.
- [5]. Dekker, D. (2003). A case study of the first language component bridging program in rural Philippines. *Philippine Journal of Linguistics*, 34 (1), 143-149.
- [6]. Dekker, D., & Young, C. (2005). Bridging the gap: The development of appropriate Educational strategies for minority language communities in the Philippines. *Current Issues in Language Planning*, 6(2), 182-199.
- [7]. Dekker, D. (2010). What is mother tongue-based multilingual education? In R.M.
- [8]. Nolasco F, Datar & Azurin (Eds.) Starting where the children are (pp 23-25).Dutcher, N. (1995).The use of first and second language in education.A review ofinternational experience.Pacific Island Discussion Paper Serie No. 1. Washington DC: World Bank Dutcher, N. (2003). Promise and perils of mother tongue education Center for Applied Linguistics, Washington, DC. USA.manila: 170+ Talaytayan MLE, Inc.
- [9]. Fullan, M. (2003).The new meaning of educational change. New York: Teachers College Press
- [10]. UNESCO (2003).Education in a multilingual world. UNESCO Education Position Paper. Paris: UNESCO Retrieved March 1, 2013
- [11]. UNESCO (2007). Mother tongue-based literary programmes: Case studies of good Practice in Asia. Bangkok: UNESCO Asia and Pacific Regional Bureau for Education.
- [12]. Walter, S. & Dekker, D. (2011). Mother tongue instruction in Lubuagan: A case study in the Philippines. *International Review of Education*, 57 (6), 667-683.
- [13]. Wright, S.C., & Taylor, D. M. (1995). Identity and the language of the classroom: Investigating the impact of heritage versus the second language instruction on personal and collective self-esteem. *Journal of Psychology*, 87, 241- 252.
- [14]. A reference list **MUST** be included using the following information as a guide. Only *cited* text references are included. Each reference is referred to in the text by a number enclosed in a square bracket (i.e., [3]). References **must be numbered and ordered according to where they are first mentioned in the paper**, NOT alphabetically.

Examples follow:

Journal Papers:

- [15]. M Ozaki, Y. Adachi, Y. Iwahori, and N. Ishii, Application of fuzzy theory to writer recognition of Chinese characters, *International Journal of Modelling and Simulation*, 18(2), 1998, 112-116.
- [16]. *Note that the journal title, volume number and issue number are set in italics.*

Books:

- [17]. R.E. Moore, *Interval analysis* (Englewood Cliffs, NJ: Prentice-Hall, 1966).
- [18]. *Note that the title of the book is in lower case letters and italicized. There is no comma following the title. Place of publication and publisher are given.*

Chapters in Books:

- [19]. P.O. Bishop, Neurophysiology of binocular vision, in J.Houseman (Ed.), *Handbook of physiology*, 4 (New York: Springer-Verlag, 1970) 342-366.
- [20]. *Note that the place of publication, publisher, and year of publication are enclosed in brackets. Editor of book is listed before book title.*

Theses:

- [21]. D.S. Chan, *Theory and implementation of multidimensional discrete systems for signal processing*, doctoral diss., Massachusetts Institute of Technology, Cambridge, MA, 1978.
- [22]. *Note that thesis title is set in italics and the university that granted the degree is listed along with location information*

Proceedings Papers:

- [23]. W.J. Book, Modelling design and control of flexible manipulator arms: A tutorial review, *Proc. 29th IEEE Conf. on Decision and Control*, San Francisco, CA, 1990, 500-506